

# 1

“Ilan ba ang isasama mo mamaya, Glenn?” tanong ni Helene sa nakababatang kapatid. Birthday nito nang araw na iyon at ipaghahanda niya ito ng espesyal na dinner.

“Mga seven lang, Ate. You promised na papayagan mo kaming uminom mamaya.”

“I did?” patay-malisyang tanong niya.

“Ate...” Inakbayan siya nito at naglambing, “Sige na, birthday ko naman, eh.”

Natawa siya. Hindi siya makatanggi kapag naglalambing nang ganoon ang kapatid. Sa edad nitong twenty-one, para pa rin itong bata kung minsan. Spoiled ito sa kanya, palibhasa ay dalawa lang silang magkapatid at ulila na sa mga magulang.

“Sige na nga. Pero beer lang ang puwede n’yong inumin at tig-iisa kayo. At babantayan ko kayo.” Pabirong pinandilatan niya ito.

Ngumiti nang malawak si Glenn. “Thanks, Ate. You’re the best!” Hinalikan siya nito bago tumalikod.

Napailing na lang siya. Diyata’t nabola na naman

siya nito.

Kunsabagay, maliit na pabor lang iyon kung tutuusin. Graduating na ito sa Computer Engineering sa isang state university at kahit kailan, hindi siya nito binigyan ng sakit ng ulo. Sa katunayan, nagtatrabaho pa ito bilang part-time crew sa isang fastfood restaurant para makatulong sa kanya.

Sinundan niya ng tingin ang kapatid. Nagsalimbayan sa dibdib niya ang pagmamahal, protectiveness at pride para rito. She could say na napalaki nang maayos ang kapatid. Salat man ito sa maraming bagay, lumaki itong magalang, masipag, mabait at responsible.

*Kung nasaan man kayo, 'Tay, 'Nay, I'm sure very proud kayo sa anak ninyo, usal niya sa isip.*

---

Nakahanda na sa mesa ang mga pagkaing niluto ni Helene. She prepared Glenn's favorites—spaghetti with meatballs, paella, fried chicken, and chocolate cake. Napalamig na rin niya ang request nitong beer. Hinihintay na lang niya ang pagdating nito, kasama ang mga inimitahang kaibigan at kaklase.

Nang quarter to eight na, nagsimula na siyang mag-alala. Alas siete ang usapan nilang oras ng pag-

uwi nito. *Nasaan na kaya ang mga iyon?*

Nagulat siya nang mag-ring ang telephone. Kaagad niyang sinagot iyon.

“Shiela, kanina ko pa kayo hinihintay!” Kaibigan ito ni Glenn. “Nasaan na kayo?”

“Ate,” parang maiiyak ang boses na sabi ni Shiela, “naaksidente po si Glenn.”

“Ano!” Nanghina ang mga tuhod niya. “Nasaan kayo? Saang hospital iyan?”

“Wala po kami sa ospital, Ate. ’Andito po kami sa *Pasig City Jail*. Si Glenn po ang nakaaksidente.”

Mabilis niyang pinuntahan ang lugar na sinabi ng babae. Kumakabog nang malakas ang dibdib niya habang nagbibiyahe. Sa isip ay paulit-ulit siyang bumubulong ng panalangin para sa kaligtasan ng kapatid.

Nadurog ang puso niya nang makita ito na nakakulong sa loob ng masikip na selda.

“Ate!” Parang batang pilit na iniyakap ni Glenn sa kanya ang mga braso sa kabila ng rehas na nakapagitan sa kanila at sa mga presong nakatanghod sa kanila. “Ate, ayoko dito! Ilayo mo ako sa lugar na ito!”

Ramdam niya ang bahagyang pangininginig ng kapatid, tanda ng pagkatakot nito. Hinaplos niya ang mukha nito.

“Ano ba’ng nangyari?” nag-aalalang tanong niya.

“Nakabangga ako, Ate. Umakyat ang motor ko sa harapan ng sasakyan ng driver. Nasa ospital siya ngayon, Ate.”

“God!” Kaagad gumapang ang kilabot sa katawan ng dalaga. Tiningnan niya ang ulo nitong may benda. Nag-alalang hinawakan niya iyon. “Ano’ng nangyari dito?”

“Okay lang ako, Ate, gasgas lang ito. Pero ayokong makulong, Ate. Ilabas mo ako ngayon din. Natatakot ako dito.” Tumingin ito sa mga katabing preso na pawang nakangisi sa kanila.

Helene glanced at the men. Kasama ng kapatid niyang nakakulong doon ang may doce na kalalakiang pawang malalaki ang pangangatawan at puno ng tattoo. Sa isiping ihahalo si Glenn sa mga kriminal na iyon, natakot siya nang husto. May mga narinig siyang kuwento na ang mga bagong pasok sa selda ay binubugbog at nire-rape ng mga kapwa nito preso.

*Diyos ko! Hindi ako papayag na mangyari iyon sa kapatid ko!*

“Of course, di ka makukulong. Kakausapin ko ang pulis,” lakas-loob na sabi niya kay Glenn.

Nilapitan niya ang pulis sa information desk. Nanlumo siya nang malamang reckless driving resulting to serious physical injury ang kaso ng kapatid.

“Ano po’ng nangyari sa nabangga niya, Officer?”

“Comatose siya ngayon sa ospital. Mabilis ang pagpapatakbo ng kapatid mo at sumalpok ang motorsiklo niya sa kotse ng biktima na papatawid sa kalsada. Umakyat ang motor ng kapatid mo sa harapan ng kotse. Kung maka-survive man ang driver, pupuwedeng mabulag dahil sa mga bubog ng salamin na pumasok sa mga mata nito.”

Napausal ng panalangin ang dalaga. Paano kung hindi makaligtas ang taong nabangga ng kapatid? Homicide ang magiging kaso nito.

Pasalamat na rin siya na nakaligtas si Glenn sa aksidente. Tumilapon daw ito sa sidewalk at himalang gasgas at pasa lang ang natamo.

“Officer, baka puwedeng huwag matulog ang

kapatid ko sa selda ngayong gabi? Hindi kasi siya sanay matulog sa ganitong lugar,” pagmamakaawa ni Helene. Wala siyang dalang pera para ipampiyansa, pero umaasa siyang papayag ang pulis na mapauwi ang kapatid kahit hindi siya makabayad.

“Miss, I’m sure ’yung nabangga niya, hindi rin sanay maospital,” natatawang sagot nito.

“Pero hindi naman niya sinasadya iyon!” Hindi na siya nakapagpigil at napasigaw na siya.

“Miss Morales, mabigat po ang kaso ng kapatid n’yo. Hindi puwedeng pauwiin siya ngayon, unless magpiyansa kayo.” Malumanay na ang pagsasalita nito.

“Magkano po ba?” kinakabahang tanong niya. Sinabi nito kung magkano. “Po! Bakit po ganoon kalaki?” Malayo pa ang payday at hindi rin aabot sa halagang binanggit ng kausap ang laman ng ATM niya.

“Puwede po bang malaman kung sino po ang nabangga niya?” She was thinking na ang pamilya mismo ng biktima ang pakikiusapan niya.

Binuklat ng pulis ang notebook nito. “Angelito Santos. Ang amo niyang si Mr. Alejo ang nagsampa ng kaso.”

Nanlamig siya. “Alejo?”

Tumango ito. “Nathaniel Alejo. Driver po niya ang nabangga.”

Parang gusto niyang panawan ng ulirat. *Bakit siya pa?* Kaagad siyang inalalayan ng pulis nang makitang parang hihimatayin siya.

Binibiro yata siya ng pagkakataon. Sa dami ng sasakyang naglipana sa daan, bakit kotse pa ni Nathaniel ang nabangga ng kapatid niya?

Nathaniel Alejo was a part of her bitter past na hindi na niya gustong balikan. Pero dahil sa pagkarinig ng pangalang iyon, kusang naglakbay ang isip ni Helene sa nangyari five years ago....

## 2

Sa *Alejo Pharmaceutical Laboratories* namamasukan bilang mensahero ang kanyang ama mula pa man noong maliliit silang magkapatid. Doon din natanggap si Helene para mag-summer job nang magtapos siya ng high school. Plano niyang kumuha ng Pharmacy sa college at para sa kanya, ang trabahong iyon ang maagang training niya.

Minsan ay nautusan siya ng supervisor na kumuha ng chemical samples sa laboratory. Sa pagmamadali ay hindi niya napansin ang kasalubong na lalaki. Natapon sa white polo nito ang dala niyang pulang chemical sample.

Nanlaki ang kanyang mga mata nang mapagmasdan ang nabangga niya. *Shucks! Ang guwapo...!* Una niyang kinapa sa isip kung artista ba ito o model kaya. Sino nga ba ang lalaking ito?

“Sh\*t!” bulalas nito. Magkasalubong ang mga kilay nito nang tapunan siya ng tingin. Inilayo nito kaagad sa balat ang bahagi ng damit nito na natapunan.

Bigla niyang naipagdasal na lamunin siya ng



lupa nang sa wakas ay makilala kung sino ito. It was Nathaniel Alejo, ang panganay na anak ng may-ari ng kompanyang iyon.

“S-sorry, Sir!” Natatarantang tinangka niyang punasan ang polo nito pero pagalit na pinalis nito ang kamay niya.

“Don’t bother! You are very clumsy! Next time tingnan mo kung saan ka pupunta lalo na’t may dala kang chemicals. I wonder how much it cost our company para sayangin mo lang ang ganyang chemical at itapon.”

Bago pa siya nakahuma ay niyaya na nito ang mga kasama.

“Stupid,” she heard him mutter.

Sobrang napahiya siya, lalo pa nang malingunan ang ibang empleyado roon na nakakita at nakarinig sa mga sinabi ng binata. Naisip niyang ibang-iba ang lalaki sa mga magulang nito. Hindi lang ito mayabang, bastos pa. Walang konsiderasyon.

*Hindi ko naman sinasadya, ah!*

Paano pa kaya kapag ito na ang namamahala sa kompanya? Tiyak niya magre-resign lahat ng empleyado sa ugali nito.

“Hija...” Naghahapunan sila noon ng mga magulang. “Naibigay mo na ba ang resumé mo sa *APL*?”

Kaga-graduate lang niya noon ng kursong BS Pharmacy.

“Tay, ayoko pong mag-apply doon.” Palagi niyang naiisip ang binatang anak ng mga Alejo na malamang na maging boss niya kapag doon siya pumasok. “Besides, bigatin ang kompanyang iyon, hindi sila kumukuha ng walang experience.”

“Hinahanap ka sa akin ni Mr. Alejo.” Si Emilio Alejo ang tinutukoy nito. “Inaasahan niya na magtatrabaho ka doon.”

“Tay, na-interview na po ako sa *KL Drugs*,” balita niya.

“Ano! Di ba ang sinabi ko, sa *APL* ka papasok?” Kumunot ang noo ni Mang Andy. At bahagya siyang kinabahan. “Ano na lang ang sasabihin sa akin ni Mr. Alejo? Na matapos ka nilang tulongang makatapos, sa kalabang kompanya ka papasok?”

Nalito siya. “Ano po’ng ibig n’yong sabihin?”

“Kung sa suweldo ko lang, hindi kita mapapag-

aral, Helene. Lalo't nag-aaral rin ang kapatid mo at nagkasakit pa ang nanay mo. Si Mrs. Alejo ang nagbabayad ng tuition mo mula pa noong second year ka.”

“Bakit hindi n’yo po sinabi agad sa akin?” Nanlumo siya. May malaking utang-na-loob pala siya sa mga Alejo, hindi pa niya alam.

“Ayaw kasi nilang ipaalam pa sa ’yo. Ganoon talaga ang mag-asawang iyon.” Ibinaba ng kanyang ama ang tinig nito. “Kahit saglit lang, anak. Gustung-gusto ka ng mag-asawang Alejo. Magtatampo sila at nakakahiya kung hindi ka papasok sa kompanya nila.”

Naalala ng dalaga kung paano siya magiliw na kausapin ng mag-asawa kapag nakakasalubong niya ang mga ito sa laboratory noong nag-o-OJT siya. Lagi siyang sinasabihan ng mga ito na pagbutihin niya ang pag-aaral. *Kaya pala...*

“Anak,” sabad ng nanay niyang si Aling Lucia, “ano ba ang ayaw mo sa *Alejo*? Ang laki-laking kompanya, ang daming benefits. Mababait pa ang mga amo. Ikaw na nga itong inaalok ng posisyon, tatanggihan mo pa ba?”

*Oo nga naman.* Napakaraming unemployed sa

Pilipinas ngayon. At hindi ba't ang pinagtatrabahuan ng ama ang nakaimpluwensya sa kanya nang malaki, kaya niya piniling kumuha ng Pharmacy? Doon siya nag-summer job, nag-OJT. Lumaki siya sa mundo ng mga gamot.

“Pero, Tay, hindi ba parang nakakahiya kung dalawa tayong magiging empleyado doon? Baka may masabi’yung mga kasamahan mo.” Nagdadalawang-isip pa rin siya. Paano kung ang batang Alejo na ang namamahala roon ngayon? Kahit matagal na ang nangyari noon, hindi pa rin niya nakakalimutan ang pamamahiya nito sa kanya. Natanim na sa isip niya ang pangit na impresyon sa lalaki.

“Huwag ang sasabihin ng iba ang isipin mo, anak. Ang isipin mo, iyon lang ang magagawa mong kabayaran sa kabutihang ginawa ng pamilya nila sa atin. Mas dapat kang mahiya sa mag-asawang Alejo.” Ibinaba nito ang kutsara at tinidor na hawak. “Alam mo ba....”

Alam na ni Helene ang susunod na sasabihin ng ama. Ikukuwento nito kung paanong naging mas maayos ang buhay nila mula nang mapasok ito sa *Alejo Pharmaceutical Laboratories*. Ilalahad nitong muli ang buhay nila noong nagtatrabaho pa ito sa isang pabrika ng kandila kung saan palaging nade-

delay ang suweldo nito.

Ilang beses nang nasabi iyon ni Mang Andy.

---

Dahil sa hiya sa mag-asawang amo ng kanyang ama, hindi na sinipot ni Helene ang final interview niya sa *KL Drugs* kinabukasan. Sa halip, nagtungo siya sa *APL* at nagpasa ng requirements. Matapos niyang maipasa ang mga tests at interviews, pinagsimula siya kaagad.

Ang unang araw niya ay naging masaya dahil friendly ang mga tao sa departamentong napuntahan niya. Nagkaroon siya kaagad ng mga kaibigan doon—si Mia na katulad niyang pharmacist, at si George, isang chemist.

Along the way ang bahay niya sa inuuwian ni George kaya lagi silang magkasabay sa pag-uwi. Pagpasok sa umaga ay dinadaan siya nito kaya naging napakadali sa kanya ang mga unang araw niya sa kompanya.

“Nanliligaw ba sa iyo si George, anak?” tanong ni Aling Lucia. “Aba’y panay ang hatid-sundo sa iyo, ah.”

“Hindi po, ’Nay, magkaibigan lang po kami,”

magalang na sagot ng dalaga.

It was the truth. Minsan itong nagbiro na tatal pareho naman silang available bakit hindi na lang daw maging sila. Alam niyang palipad-hangin na nito iyon, pero tinawanan lang niya.

“Okay lang naman, Helene, kung nobyo mo siya. Hindi ka na binabawalan ng tatay mo dahil graduate ka naman na,” anang kanyang ina.

Noon, kabilin-bilinan ni Mang Andy na magtapos muna siya ng pag-aaral bago mag-boyfriend. Wala siyang problema roon dahil wala naman talaga iyon sa isip niya. Sineryoso niya nang husto ang pag-aaral dahil pangarap niyang mabigyan ng magandang buhay ang pamilya.

“Hindi po talaga siya nanliligaw,” nakangiting sabi niya sa ina.

Gusto niya sanang idagdag na kung nagkataon man na manligaw ito, wala rin itong aasahan sa kanya. Dahil kaibigan lang talaga ang tingin niya rito.

Hindi pa nai-in love kahit kailan si Helene. Kahit maraming nanliligaw sa kanya, wala ni isa man sa mga ito ang nagustuhan niya. Hindi niya maintindihan kung bakit.

*You Never Lost Me - Angie Montalban*

---

Bigla ay sumagi sa isip niya ang mukha ni Nathaniel Alejo. There was no use denying it, nagka-crush talaga siya sa lalaking iyon. Kaya lang kapag naiisip niya kung paano siya nito ipinahiya noon, napapasimangot siya. Na-turn off talaga siya sa masamang ugali nito.

Mabuti na lang nga at hindi pa napapadpad ang lalaking iyon sa opisina nila.

---

“Alam mo ba kung sino ang speaker mamaya sa launching ng bago nating gamot?” Halata ang excitement sa mukha ni Mia nang itanong iyon. Busy sila noon sa drug testing.

“Sino?” walang interes na tanong ni Helene, nakatutok ang mga mata niya sa computer.

Bawat pagkakataon na may bago silang inilalabas na gamot, magagaling na speakers ang dumarating sa launching. Kung minsan nga, galing pa sa ibang bansa.

“Si Nathaniel Alejo!” bulalas nito. “Dumating siya last week, katatapos lang niya ng kanyang masteral degree sa *Harvard*. Siguro ay unti-unti nang ibibigay sa kanya ni Mr. Alejo ang pamamahala ng kompanya. And, girl, nakita ko siya the other day...

ang guwapo!” kinikilig pang sabi nito.

“I bet lalo siyang yumabang...” Hindi niya napigil ang sariling sabihin iyon.

Napanganga ang kaibigan. “Bakit mo naman nasabi? Kakilala mo ba siya nang personal?” tanong nito.

“Nakita ko na siya dati,” matabang na saad ni Helene.

Nanlaki ang mga mata nito. “Ha? Kailan? Bakit hindi mo man lang naikuwento?” angal nito.

“Kasi po, matagal na iyon. Akalain ko bang interesado ka. ” Ikinuwento niya rito ang nangyari years ago, nang di-sinasadyang matapunan niya ng chemical ang damit ng binatang Alejo, at ipahiya siya nito sa harap ng ilang empleyado.

But to her dismay, sa halip na makisimpatya sa kanya, ipinagtanggol pa ni Mia si Nathaniel. Natural lang daw iyong reaction, ayon pa sa kaibigan niya.

Napailing na lang siya. Infatuated pa yata ito sa hambog na iyon.

---

A very handsome and confident twenty-six-



year-old Nathaniel came to the launching of their company's newest product. Isang uri iyon ng antibiotic na para sa allergy.

Lahat ay interesadong nakinig sa lecture nito. Alam ni Helene na sa mura nitong edad ay nakuha ng binata ang respeto ng mga employees ng *APL*. Hindi rin nakaligtas sa kanya ang humahangang tingin ng kababaihan sa anak ng kanilang boss.

Pagkatapos ng launching ay nagkaroon ng dinner celebration sa isang hotel.

Ayaw sana niyang sumali pa roon; naiirita siya sa atensyong ibinibigay ng mga kasamahan niya sa Nathaniel na iyon... lalo na ang mga babae. Feeling God's gift to women naman ang pagkakangiti ng hambog na lalaki.

Gayunpaman, wala siyang nagawa kundi sumama nang pilitin siya ng mga kaibigan.

Pinilit na lang ng dalaga na ilayo ang mga mata rito. Hindi rin niya sinubukang lumapit para batiin ito. Nagpaiwan siya sa kanilang mesa nang magpasya sina George at Mia na kausapin ang binata.

*Siguro dapat maghanap-hanap na ako ng bagong mapapasukan, naisip niya. May panghihinayang na namuo sa kanyang puso. Nag-enjoy siya sa*

pagtatrabaho sa kompanyang iyon, kahit pa nga parang napilitan lang siya sa pag-a-apply roon noong una. Kasundo niya ang mga kasamahan at gamay na gamay na niya ang trabaho.

Wala sa sariling napabuntong-hininga siya.

---

“Ikaw ba si Helene Morales?” Napalis ang ngiti niya habang nagmamasid sa pagsasayaw nina George at Mia nang marinig ang pamilyar na boses na iyon.

“Sir!” gulat na baling niya kay Nathaniel. Hindi niya inakalang lalapitan siya nito sa mesa nilang magkakaibigan. “Yes, Sir,” tango niya. Nanatili siyang nakaupo. He was standing at arm’s length.

Pilit niyang sinikil ang atraksyon na nabuhay sa kanyang dibdib nang ganap na mapagmasdan ang binata.

He looked formidable, yet attractive in his three-piece black suit. Muntik na siyang mapakurap nang ngumiti ito.

Inilahad nito ang kamay sa kanya. Napilitan siyang tanggapin iyon. Hindi siya nakahuma nang maramdaman ang bahagyang pagpisil nito roon

bago iyon binitiwang.

Lihim siyang napaismid. *Napakapresko!*

“Lagi kang ikinukuwento ni Mommy sa akin. Isa ka raw sa pinakamagaling naming empleyado. Anak ka pala ni Mang Andy,” turan nito.

Muli ay tumango siya. “Yes, Sir.”

“So, you’re new here?” nakangiting tanong nito. “I’m glad you decided to work for us. How’s work? Are you happy working with *APL*?”

“Y-yes, Sir.” Hindi niya alam kung bakit hindi siya makaisip ng tamang isasagot. Bakit parang ibang Nathaniel yata ang kaharap niya ngayon? Hindi ito ang Nathaniel na nakilala niya noon. Obviously, hindi nito naaalala na siya ang clumsy na empleyadang nakatapon ng chemical sa damit nito noon.

“Yes, Sir’ lang ba ang alam mong sabihin?” There was an amused expression on his face.

“Ah, no, Sir.”

“No, Sir’ naman ngayon.” Lumakad ito palapit sa kanya. Suddenly, his expression became serious. “Napakaganda mo nga pala talaga.”

Kumabog nang malakas ang dibdib ni Helene. Tumayo siya at bahagya siyang humakbang palayo rito. She couldn't stand him being this close to her. Halos magkadikit na kasi ang mga katawan nila. At pakiramdam niya ay kinakapos siya ng hininga.

Bahagyang kumunot ang noo ng binata sa pag-iwas niya.

"I... I have to go, Sir." Iniwan niya ito na bakas sa mukha ang pagkamangha. Marahil ay hindi ito sanay na tinatalikuran, lalo na ng isang babaeng tulad niya na empleyado lang nito.

Eksakto namang tapos ang sayaw nina Mia at George. Nilapitan niya ang lalaki at inaya itong ihatid na siya. Gusto na niyang makalayo sa lugar na iyon... at kay Nathaniel.

"Whoa, Helene!" Nanlalaki ang mga mata ni Mia nang tumingin sa kanya. "Hulaan mo kung sino ang nakahabol ng tingin sa 'yo..."

Alam na niya kung ano ang sagot doon, pero hindi niya ito pinansin. Hindi niya gustong i-entertain ang ganoong isipin.

Maaaring guwapo si Nathaniel pero hindi niya gusto ang ugali nito. Nakatatak pa rin sa isip niya ang bad impression sa lalaki.

*You Never Lost Me - Angie Montalban*

---

“Kilala mo ba kung sino ang kaharap mo kanina?” tanong ni George. Akala yata nito ay hindi niya kilala si Nathaniel kaya nagawa niyang basta na lang iwan.

“Si Nathaniel Alejo. Siya ang mayabang na anak ng boss natin.” Hindi niya itinago ang pagkainis dito.

“Correction! Magiging boss natin. I heard, siya na ang magiging bago nating EVP,” anito.

*EVP man siya or what, I don't care!* Hindi na niya iyon isinatinig. Sa halip ay nagkibit-balikat na lang siya.

Napailing na lang ang kanyang mga kaibigan. Hindi maintindihan ng mga ito ang reaksiyon niyang iyon.

---

Helene received a bouquet of red roses the next morning. Binasa niya ang note na naroon.

*To the most beautiful girl I met last night...*

Kahit walang pangalan ay alam na niya kung kanino iyon nanggaling. Kumunot ang noo niya.

*You Never Lost Me - Angie Montalban*

---

Ano ba ang gustong palabasin ng lalaking iyon? Nililigawan ba siya nito?

Hindi siya tinantanan ng kanyaw ng mga kaopisina.

“My gosh, Helene! You’re so lucky, nabingwit mo si Nathaniel Alejo!” anang isa.

“Ang lakas ng appeal mo, sister! To think na ang dami naming nagpa-charming sa kanya kagabi, dedma lang sa kanya. ’Yun pala ikaw ang type niya,” sabad ng isa pa.

Hindi niya pinansin ang mga iyon. She didn’t feel flattered a bit. Pakiramdam pa nga niya ay pinagtitripan siya ng kanilang amo.

Siya, liligawan nito? Ano naman ang panama niya sa mga babaeng nali-link dito? *Baka ‘ika mo gumaganti lang iyon dahil sinungitan ko kagabi... she thought.*

---

Malapit nang mag-uwian nang tumunog ang telepono sa mesa ni Helene.

“Chem Lab, hello?” bati niya.

“Helene...” Nabosesan niya kaagad ang lalaki.

“Yes, Sir?” Nakataas ang isang kilay niya. Naiimbyerna siya sa mga pinaggagagawa ng kanyang bagong boss.

“I hope you like the flowers,” paanas na sabi ni Nathaniel.

“Salamat pero hindi na ho sana kayo nag-abala pa. I didn’t know why you had to send me flowers, Sir?” Ipinagdiinan niya ang huling salita. Gusto niyang ipaalala rito ang katayuan nila.

Parang hindi ito makapaniwala sa narinig sa kabilang linya. “Hindi mo alam? Bakit ba nagpapadala ng flowers ang lalaki sa isang babae?”

Hindi alam ng dalaga kung imahinasyon lang niya ang pagkabog ng kanyang dibdib. Sinasabi ba nitong may gusto ito sa kanya? Hindi yata niya gustong paniwalaan iyon.

“Salamat, Mr. Alejo. But I would appreciate it if you won’t send me anything again,” suplada niyang sagot. Naiinis niya, hindi niya alam kung bakit.

“Oh, why not?” Parang nag-iba ang tono nito.

“Wala naman po, Sir. Ayaw ko lang pong tumanggap ng kahit ano mula sa inyo.”

Matagal bago sumagot ang lalaki sa kabilang

lina. He sighed harshly.

“You know, I have a feeling that you don’t like me. Why, Helene? May nagawa ba akong mali sa ‘yo?”

*Wala naman, naiirita lang ako sa ‘yo, sagot ng utak niya. Pero pinigil niya ang kanyang bibig na isatinig ang mga salitang iyon.*

“Wala po, Sir. Nagkamali po kayo ng akala.”

“Then, prove it. Have dinner with me tonight,” pabulong na sabi nito.

Nabigla si Helene sa imbitasyon nito. Ganito ba talaga kabilis si Nathaniel? Kapag may nagustuhan ay hindi tinatantanan. For sure, itatapon na lang din siya nito matapos pagsawaan. Kahit hindi niya ito masyado kakilala, nahuhulaan na niyang ganoon ang tipo ng kanyang amo.

*Sorry, Mr. Alejo, but I refused to be one of those women na pinaiyak mo.*

“I can’t, Sir.”

“Why not, Miss Morales? You better give a good reason why you can’t go out with me tonight,” hamon nito.



“Because...” Mabilis siyang nag-isip ng dahilan. “I... I promised George that we will have dinner tonight.”

“I see...” Iyon lang at ibinaba na nito ang telepono.

*Ang herodes, at hindi man lang nagpaalam, aniya sa isip.*

Gayunpaman ay nagdiwang siya nang hindi na ito nagpilit pa. Ang kailangan na lang niyang gawin ngayon ay hanapin si George at ilibre ito ng dinner.

---

Hindi naglipat ang buwan, pormal nang inihayag ang pagiging bagong executive vice-president ni Nathaniel sa *Alejo Pharmaceutical Laboratories*.

Sa pagkainis ni Helene, naging madalas ang pagkikita nila ng lalaki. Pasalamat na lang siya at hindi na muli ito nagtangkang padalhan siya ng bulaklak o kahit kausapin man lang.

Ang mas napansin niya ay ang lantaran na pag-iwas ni George sa kanya. Hindi na siya nito inihahatid o dinadaan man lang sa bahay tulad ng dati nitong ginagawa. Marami rin itong rason kapag niyaya niya itong sumabay sa kanyang mag-

lunch sa canteen. Lalo sa mga pagkakataon na hindi nila makakasabay si Mia.

Itinuring niya itong isa sa mga closest friends niya sa trabaho. At nasasaktan siya sa pag-iwas nito. Isang araw ay na-corner niya ito.

“What’s wrong, George?” tanong ni Helene.

“Wrong?” Iniiwas nito ang mga mata sa kanya. Nagpatuloy ito sa pagtse-check ng glass tubes. “What could be wrong?”

“Cut the bullsh\*t, George! Iniiwasan mo ako and don’t you try deny it! I want to know why you’re doing this to me.”

“You’re imagining things, Helene. Hindi kita iniiwasan, I’m just busy lately,” katuwiran nito.

And then she remembered ang naringgan niyang usap-usapan sa opisina noong nakaraang mga araw.

*“Alam mo, napapansin ko, parang mainit ang dugo ni Sir Nathaniel kay Mr. Bianzon,” tukoy ng isang kasamahan kay George.*

*“Oo nga. Balita ko, lagi raw pinatatawag sa opisina para sabunin at pagalitan,” sagot ng isa pa na bahagyang hininaan ang boses.*

*“Palagay ko nagseselos iyon. Di ba malapit si Helene kay Sir George? Eh, kursunada yata ni Sir Nathaniel si—”*

*Nahinto ang usapan ng dalawa nang tumikhim siya at makita siya ng mga ito.*

Tumiim ang mga bagang niya.

“Dahil ba kay Nathaniel Alejo? Tell me, dahil ba sa kanya?” pasigaw na niyang tanong sa kaibigan. Hinawakan niya ang braso nito. Yumuko lang ang lalaki at ni hindi siya tiningnan. “Bakit? Inutusan ka ba niyang layuan ako?” mapait niyang tanong.

“Hindi. Nagtanong lang siya kung merong namamagitan sa atin. Sinabi ko, wala, magkaibigan lang tayo.”

“Magkaibigan? Eh, bakit iniiwasan mo ako?” Guilty naman na hindi kumibo si George. “I see... natakot ka sa buwisit na ’yon.”

“Look, Helene. He likes you a lot. And well, akala niya, nililigawan kita. H-he’s the boss, you know. I love my job so much. I worked so hard to get to where I am right now. I don’t want to jeopardize my job just because of you, Helene. I’m sorry.”

Napatango na lang ang dalaga. Masama ang

*You Never Lost Me - Angie Montalban*

---

loob na tinalikuran niya ito. She just lost a friend. She could not believe na ipinagpalit nito ang pagkakaibigan nila para lang sa ambisyon nito.

But she must admit, she understood George. Mahirap lang ito at natural lang na nais din nitong mapaunlad ang buhay. Ang talagang sinisisi niya ay si Nathaniel. Parang nahuhulaan na niya kung ano ang ipinanakot nito sa lalaking naging kaibigan niya.

*Hayop na 'yon!* galit na galit na sabi ni Helene sa sarili. Gagawin talaga nito ang lahat makuha lang ang gusto. Masyado sigurong nasaktan ang ego nito nang tanggihan niya kaya pati panggigipit sa kapwa ay ginagawa.

### 3

Umagang-umaga kinabukasan, sinadya ni Helene ang binatang amo sa opisina nito. Pagkapasok sa eleganteng silid, ipinatong niya ang resignation letter sa ibabaw ng mesa nito.

“Please take a seat, Helene,” anito, pero hindi siya kumilos.

Sandaling binasa nito ang liham. “W-why?”

“It’s irrevocable, Mr. Alejo. Effective today.” Iyon lang ang sinabi niya.

“But why? I don’t understand. May hindi ka ba nagustuhan sa pamamalakad namin? Do you want a raise?” Nakita niya ang lungkot sa mukha nito. Pero ano ba ang malay niya? Maaaring magaling lang umarte ang lalaking ito.

“Wala, Mr. Alejo. Wala pong problema sa pamamalakad n’yo,” malamig na saad niya.

Mataman siyang tiningnan nito. “Dahil ba sa akin kaya ka magre-resign?”

“Hindi ko ho kailangang sagutin iyan. Maraming salamat po.” Tumalikod na siya para sana lumabas

ng opisina nito.

“Dammit, Helene!” Bago pa siya makaabot sa pinto ay nahawakan siya nito sa braso. “Bakit ba parang diring-diri ka sa ’kin? What did I do to deserve such treatment from you? Ano ba’ng nagawa ko? Masama bang ligawan ka?”

“Oo!” di niya napigilan ang sariling sabihin iyon. “Naiinis ako sa ginagawa mo because... I don’t like you. Not a bit.”

She saw him flinch. At nakaramdam siya ng guilt. Parang gusto niyang bawiin ang nasabi.

“Damn you!” Bago pa siya nakakilos ay nakabig na siya nito at marahas na hinalikan. Hindi niya napaghandaan iyon. Sa sobrang shock niya, hindi siya nakakilos.

His lips moved brusquely against hers. Kaagad din siyang binitawan nito.

“You can leave now,” humihingal pang utos ni Nathaniel. Matalim ang mga mata nitong nakatingin sa kanya.

---

Nakahinga si Helene nang maluwag nang makalabas ng building ng *APL*.

*You Never Lost Me - Angie Montalban*

---

She did not want to admit it, pero parang nagustuhan din niya ang ginawang paghalik ni Nathaniel sa kanya. It was hard, yet sweet.

*Ganoon pala ang pakiramdam ng mahalikan,* she thought. Pinagalitan din niya kaagad ang sarili sa naisip.

Tiningnan niya nang may regret ang building na iyon. Ang dami niyang natutunan doon at marami rin siyang naging kaibigan.

*Buwisit kasing lalaki iyon!* Kung bakit kasi dumating pa ito at ginulo ang nananahimik niyang buhay.

Nagtataka man ang mga magulang ay maluwa namang tinanggap ng mga ito ang desisyon niya. Hindi na siya gaanong inusisa ng mga ito kung ano ang tunay na nangyari. Naisip din siguro ng mga ito na hindi niya talaga gustong magtrabaho roon.

Mahirap palang makahanap ng trabaho. Nadiskubre niya iyon matapos ang dalawang linggong paghahanap at paghihintay. Gusto na nga niyang tadyakan ang sarili dahil sa pabigla-biglang desisyon. Bakit ba hindi niya naisip ang ganitong consequence nang biglaan siyang mag-resign sa *APL*?

Isang araw pag-uwi niya buhat sa pag-a-apply sa isang kompanya, nagtaka siya nang maabutang madilim ang buong bahay. Hindi pa nangyaring nawalan ng tao sa kanila dahil housewife ang kanyang ina at hanggang hapon lang ang pasok ng kapatid na si Glenn sa eskuwela.

“Helene, inatake sa puso ang tatay mo. Nasa hospital sila ngayon,” balita ng kapitbahay nila bago pa man siya makapasok sa loob ng bahay.

---

Lumuluhang kapatid at ina ang nadatnan ni Helene sa labas ng *ICU*.

“Anak, na-comatose ang Tatay ngayon. Sinabi ng doktor na na-high blood siya at nagkaroon ng heart failure. Isinailalim siya sa maraming tests. Kailangan niya ng bypass surgery,” pahayag ni Aling Lucia.

“Ang laki ng gagastusin natin, Ate. Kailangan daw natin ng malaking pera.” Sinabi nito ang halagang kailangan ayon sa doktor na tumitingin dito.

“Saan tayo kukuha ng ganoong halaga?” umiiyak na tanong ng kanyang ina. Niyakap niya ang mga ito. Para siyang nauupos na kandila. Sumabay siya sa hagulhol ng mga kapamilya. Hindi niya akalaing



mangyayari sa kanila ang ganoon.

Ang ama lamang ang inaasahan nila. Nagkataon pang wala siyang trabaho ngayon.

Iyon ang tagpong dinatnan ni Nathaniel. Humahangos itong lumapit sa kanila.

“Sir...” Pinahid niya kaagad ang luha.

“Kumusta si Mang Andy?” mahinahng tanong nito.

There was so much sympathy on his face na kinailangan pa niyang pigilan ang sarili para takbuhin at yakapin ito. Pero ang binata mismo ang humakbang palapit at yumakap sa kanya. She found herself crying on his chest.

“Ang Tatay...” she sobbed.

“Shh... don't worry. Aayusin ko ang lahat,” alo nito. Hindi na niya naisip nang mga sandaling iyon na ito ang lalaking kinaiinisan niya. Ang nasa isip lamang niya ay ang amang namemeligro ang buhay.

Kinausap ni Nathaniel ang doktor ng kanyang ama at kaagad na iniutos na gawin ang pinakamabuti upang maligtas ang pasyente. Nangako itong aakuin ang lahat ng magagastos.

Nang gabi ring iyon, naoperahan ang kanyang ama. Kinaumagahan ay sinabi ng doktor na matagumpay ang operasyon.

Laking pasasalamat ng mag-iina kay Nathaniel. Ni hindi man lang ito nagtanong kung paano nila mababayaran ang utang. Hindi rin naisip kaagad ni Helene iyon. Ang tanging laman ng utak niya noon ay kung paano maililigtas ang ama.

Nang masigurong ligtas na si Mang Andy, saka lang nagkaroon ang dalaga ng pagkakataon na mag-isip kung paano mababayaran ang malaking halagang ginastos ng kanyang dating amo. Magpaalila man siya rito ay hindi rin niya alam kung hanggang kailan siya makakatapos sa pagbabayad.

Marami pa silang poproblemahin, kasama na roon ang mga gamot na kailangan ni Mang Andy upang lubos na gumaling. At dahil hindi ito kaagad makakabalik sa trabaho, wala rin silang mapagkukunan ng panggastos.

Nainis siya sa sarili dahil wala man lang siyang naibigay na tulong na pinansyal sa mga magulang. Ang huling suweldo niya ay nagastos na niya sa paghahanap ng trabaho. Nitong mga huling araw nga ay humihingi pa siya sa ina ng pamasahe.

*You Never Lost Me - Angie Montalban*

---

It was her fault. Siya itong nakatapos, siya pa itong walang magawa para sa pamilya. Because of her stupid pride, she gave up a good job.

Buong buhay ng ama ay inialay nito sa kanila. Kahit mensahero lang ito ay hindi nila naranasan ang totoong hirap sa piling nito. Ibinibigay nito ang mga kailangan niya—sapat na pagkain, mga pambili ng damit at sapatos. Lagi pa siyang may sobrang allowance. Kahit nang magkatrabaho na siya, hindi siya nito inobliga na mag-intrega ng suweldo. Napakabait at responsible ng kanyang tatay.

She realized it was time para ito naman ang pagsilbilhan niya ngayon. Kung kinakailangan, lulunukin na niya ang pride para sa pamilya.

“Tay,” usal niya. “Gagawin ko ang lahat, masiguro ko lang na ligtas kayo.”

---

Dumating si Nathaniel kinahapunan. Kung noong nakaraang gabi ay nakasuot lang ito ng maong pants at t-shirt, ngayon naman ay naka-coat and tie ito, na tila galing pa sa opisina.

Si Aling Lucia ang kaagad na sumalubong dito. Pinaupo ito ng ina sa silya sa tabi ng kama ng natutulog pa ring pasyente.

“Mr. Alejo, maraming-maraming salamat po sa tulong ninyo. Kung hindi sa inyo ay baka hindi nakaligtas ang asawa ko.” Muling nahilam sa luha ang mata ng ina ni Helene.

“Wala pong anuman. Ginawa ko lang po ang dapat. And please call me ‘Nathaniel.’” Ngumiti ito sa matanda, saka siya sinulyapan. “Helene, are you all right?”

Napatango siya. “Oo, salamat.”

Matagal siya nitong tinitigan. Pagkuwan ay bumaling itong muli sa kanyang ina. “Kung ganoon po ay uuwi na po ako. Wala po kayong dapat alalahanin. Inihabilin ko na po sa doktor ang asawa n’yo. Ako na po ang bahala.”

“Naku, hijo, maraming-maraming salamat! Hulog ka ng Diyos sa amin. Napakabuti mo.”

Muling ngumiti ang binata. “Huwag n’yo pong isipin iyon. Aalis na po ako.” Muli itong sumulyap sa kanya. “Helene...”

Tumango lang siya. Hindi niya alam kung ano ang tamang sabihin. Tumalikod na ito at lumakad palayo upang lumabas ng silid. Saka naman niya naisip ang dapat na itanong, hinabol niya ito sa hallway.

“Nathaniel!” Huminto ang binata sa paglalakad at nilingon siya. Humihingal na lumapit siya rito. “Ang lahat ng ito, paano ko mababayaran?”

Masuyo itong tumingin sa kanya. Hinaplos ng isang daliri nito ang pisngi niya. Hindi siya nakahuma sa biglang pagdagsa ng halu-halong emosyon sa dibdib niya.

“Hindi ito ang tamang panahon para pag-usapan natin iyan. You look tired. Magpahinga ka muna.” He gave her a hug bago lumakad palayo.

Naiwan si Helene na natutulala at naguguluhan.

Isang araw ay inusisa ni Aling Lucia ang dalaga kung may relasyon sila ni Nathaniel. Inamin niyang nanliligaw ang binata subalit hindi na nagawang banggitin na binasted na niya ito nang ipaalala ng ina ang malaking utang-na-loob nila sa dati niyang amo.

---

Lumabas ng ospital si Mang Andy pagkatapos ng dalawang linggo. Ipinayo ng doktor na kailangan muna nitong magpahinga nang ilang buwan at hindi pa puwedeng magtrabaho kaagad. Kahit nang nasa bahay na ito ay patuloy pa rin sa pagtulong ang pamilya ni Nathaniel kina Helene. Tumatanggap ng

*You Never Lost Me - Angie Montalban*

---

suweldo ang ama kahit hindi ito makapagtrabaho.

Hindi naman naniningil ang lalaki o nagbabanggit ng tungkol sa pagbabayad. Pero sa laki ng halagang ginastos nito para sa kanila ay hindi puwedeng ipagwalang-bahala iyon ng dalaga. Naisip niyang baka hinihintay lang ni Nathaniel na siya ang magbukas ng usapan tungkol doon. After all, sinabi nitong mag-uusap sila kapag ligtas na ang tatay niya sa panganib.

Naghihintay lamang marahil ang binata na abutan niya ito ng bayad. Pero saang kamay ng Diyos siya kukuha ng pera? Ano ang ipambabayad niya?

# 4

Buo na ang desisyon ni Helene. Pumunta siya sa *APL* kinabukasan upang makipag-usap sa dating amo. Nakasalubong niya si George nang patungo na siya sa opisina ni Nathaniel.

“Helene! Kumusta ka na?” bati nito. “Pasensya ka na at di ako nakadalaw sa hospital, nagkasakit kasi ako noon. Kumusta na ang tatay mo?” nakangiting tanong nito.

Ngumiti siya. “Okay na siya, George. Nakauwi na at nagpapalakas. Ikaw, kumusta kayo dito?”

Nagkibit-balikat ito. “Okay lang, ganoon pa rin. Hindi ka na ba babalik? Nami-miss ka na namin.” He flashed his shy smile.

“Hindi na siguro,” sagot niya. Gustuhin man niyang bumalik, hindi na iyon pupuwede.

“Sabagay,” sang-ayon nito. “Hindi mo naman na kailangang magtrabaho pa kapag ikinasal na kayo ni Nathaniel.”

“S’an mo naman napulot ang ideyang iyan?” Kaagad nagsalubong ang mga kilay ni Helene.

Nagtaka si George. “Hindi ba kayo na? Balitang-balita dito sa opisina na nang magkasakit ang tatay mo ay halos hindi na raw umalis si Nathaniel sa tabi mo.”

Umakyat yata ang lahat ng dugo sa ulo niya. “Ano pa ang balita tungkol sa akin, George?” pagtitimpi niya.

Hindi niya akalain na pinagtsitsismisan siya sa opisina kahit wala na siya roon.

“Si Nathaniel daw ang gumastos sa lahat.”

“Nasabi ba kung magkano lahat ang nagastos niya?” sarkastikong tanong niya.

Tila napahiya ito. “I’m sorry, Helene. It’s just that.... “ Nagkibit-balikat ito. “Anyway, kahit naman noon, talagang mahal ka ni Nathaniel.”

Tumaas ang kilay niya. “Really, George? I didn’t know that men engage in gossips. Least of all you!” galit na sabi niya saka mabilis na tinalikuran ito.

Disappointed siya kay George. Akala niya, kaibigan niya ito. Dumerecho siya sa opisina ni Nathaniel.

---



“Helene!” Tumayo si Nathaniel pagkapasok na pagkapasok ng dalaga sa opisina nito. Iminuwestra nito ang isang upuan sa harap ng executive desk nito. “What a pleasant surprise! Hindi ako makapaniwala kanina nang sabihin ni Rina na nandito ka.” Si Rina na sekretarya nito ay halatang nagulat din nang makita siya.

Hindi siya sumagot, hindi rin kumilos para umupo. Tila napansin nito na seryoso ang expression ng mukha niya. Kaagad nawala ang ngiti nito.

“Why? Did something happen to your father?” bakas sa tinig nito ang pag-aalala. Hindi lang alam ni Helene kung sincere ito.

“Maayos na si Tatay. And it’s all because of you. Maraming salamat nga pala,” ninenerbyos na sabi niya. Hindi niya alam kung saan mag-uumpisa.

“You’re welcome.” Tumitig ito sa kanya. “So, bakit ka nga pala napasyal?” Nakangiti na ito. At bahagya siyang nailang dahil doon. Iniiwas niya ang mga mata rito at pinasadahan ng tingin ang silid.

Noong unang pumasok si Helene doon upang magpasa ng kanyang resignation letter, hindi niya masyadong napagtuunan ng pansin ang ayos niyon. Like his clothing, his room spoke of class and wealth.

Tila bawat bahagi ng silid na iyon ay nagbibigay-patunay ng posisyon nito sa kompanya.

“Surely, hindi ka nagpunta dito para pag-aralan lang ang office ko.”

Bumalik ang mga mata niya sa binata. There was a glint of amusement in his eyes.

She swallowed. “G-gusto kitang kausapin tungkol sa tatay ko, S-Sir,” seryosong sabi niya.

“Maupo ka, kung ganoon.” Muli nitong iminuwestra ang upuan sa harap nito. “And please call me ‘Nathaniel.’ Hindi na kita empleyado.”

Sumunod siya. Maraming beses siyang napalunok.

“Well?” untag nito nang hindi siya nagsalita.

“Uhm... m-matatagalan siguro bago makapagtrabaho uli ang tatay ko.”

“Nabanggit nga sa akin ng doktor. Huwag kang mag-aalala, Helene. Everything is taken care of.”

“Hindi lang iyon ang ipinunta ko dito, N-Nathaniel.” She dared to look straight into his eyes. “Gusto kong malaman kung ano ang hinihingi mong kapalit ng utang namin sa iyo. Alam mong

wala akong pambayad.”

Gumalaw ang muscles ng binata sa panga. “Naniningil ba ako, Helene? May sinabi ba ako na kailangan mong bayaran iyon?” Tumatagos hanggang buto ang mga titig nito sa kanya.

“Napakalaking halaga n'on para ibigay mo lang sa amin nang libre...”

Naging mabagsik ang tono nito. “Ano sa tingin mo ang hinihingi kong kapalit, Helene? Sa tingin mo, maibibigay mo ba iyon kung sakali?”

She lowered her gaze to her hands on her lap. Aaminin niyang natatakot siya sa galit na nakikita sa mga mata ng binata.

“Well?” untag muli nito.

“Nasabi mo sa akin minsan na... y-you want me.” Hindi siya sigurado kung dahil sa air-con kaya nanlalamig ang pakiramdam niya. Paano kung tumanggi ito? “Ang katawan ko ba ang hinihingi mong kapalit?” lakas-loob niyang tanong.

Kahit nakayuko siya, ramdam niya ang mainit na titig ni Nathaniel sa kanyang mukha. “Ibibigay mo ba kung hihingin ko 'yun?” mahinang tanong nito.

“K-kung para sa tatay ko, o-oo. Ito lang ang alam kong p-pambayad.” Niyuko niya nang husto ang ulo. Nahihiya siya sa ginagawa. Ngayon, alam na niya ang pakiramdam ng mga babaeng nagbebenta ng aliw.

Nagulat siya nang hawakan nito ang baba niya. Hindi niya namalayan na nakalapit na pala ito sa kanya.

“Alam mo, Helene, gusto kita. Unang kita ko pa lang sa iyo, gustung-gusto na kita. Hindi ko alam kung bakit,” pagtatapat nito. His eyes were directly gazing at hers. “Nang pumunta ako sa hospital, ang sadya ko lang ay tulungan ka, ang pamilya mo. Hindi ko inisip ang kapalit.”

Napakurap ang dalaga. Totoo ba ang sinasabi nito?

“Pero ngayong nandito ka sa harap ko, mahirap tanggihan ang kusang-loob mong ino-offer. Hindi ko tatanggihan, Helene.” His thumb was gently caressing her cheek.

Napabilis ang tibok ng puso niya. Katulad din pala ito ng ibang lalaki, gahaman din sa laman. Mapagsamantala sa kahinaan ng mahihirap na tulad niya. Bumalik ang inis niya kay Nathaniel.

“So ngayon mo na ba gagawin ang paniningil mo?” Ang galit niya ang nagtulak sa kanya para sabihin iyon.

“I’d really like to do it now.” Kinuha nito ang kamay niya at idinikit iyon sa pisngi nito. Napapiksi siya pero hindi nito binitawan iyon. “Pero kailangan munang makasal tayo kaagad. So will you marry me, Helene?”

Nalaglag ang panga niya. Kasal? Nagbibiro ba ito? Hindi niya inaasahan iyon. Ang akala niya, sapat na para rito ang isang gabing pakikipagtalik.

“Matatanggap mong pakasal sa akin kahit alam mong wala akong pagtingin sa iyo?” tahasan niyang tanong.

She saw him flinch. Binitawan nito ang kamay niya at tumayo.

“Umaasa pa naman ako na kahit kaunti ay meron ka ring pagtingin sa akin. Pero kung wala, handa naman akong maghintay kung kailan mo ako matututunang mahalina.” Inabot nito ang kamay niya at pinisil iyon. “Will you marry me, Helene?”

*Ayoko! I’m only twenty-one, bata pa ako. Marami pa akong gustong gawin sa buhay ko, hindi pa ’ko handang mag-asawa! Iyon ang isinisigaw ng utak*

niya.

Pero paano siya makakaalis sa sitwasyong napasukan niya? Paano ang tatay niya? Paano ang pamilya niya kung tatanggi siya gusto nito?

Nagsalimbayan ang halu-halong emosyon sa puso niya. “Bakit mo ako gustong pakasalan? Marami namang iba diyan.”

“Ikaw lang ang gusto ko, Helene. Ikaw lang.”

Kinakabahan siya sa conviction nito. “Puwede mo naman akong m-makuha kung gusto mo. Hindi mo na ako kailangang pakasalan.”

“Hindi one-night stand lang ang gusto ko, Helene. At sa tingin mo, matatanggap kaya ng tatay mo na magsama tayo nang walang kasal? Gusto mo bang magkasakit uli siya? May respeto ako sa kanya, Helene, kaya hindi puwede ang sinasabi mo.”

Marami pa siyang gustong irason. Hindi sila compatible, hindi sila nagmamahalan. Physical attraction lang ang nararamdaman nito para sa kanya. Sapat na ba iyon?

At paano kapag nagsawa na ito sa kanya? Basta na lang ba silang maghihiwalay? Paano kung....

Naputol ang daloy ng isip ni Helene nang

*You Never Lost Me - Angie Montalban*

---

mapansing pababa sa kanya ang mukha ng lalaki.  
She closed her eyes and accepted his kiss.

---

Isang madaliang kasal sa huwes ang nangyari, tatlong araw matapos ang pag-uusap nilang iyon. Sinabi na lang nila sa kanilang mga magulang na magpapakasal na lang sila sa simbahan kapag kaya na ni Mang Andy na ihatid si Helene sa altar. Naniwala naman ang lahat na nagmamahalan sila. Inuwi siya ng lalaki sa bahay nito.

Kahit pumayag siya sa desisyon nilang iyon, may pakiramdam pa rin si Helene na napilitan lang siyang pakasalan si Nathaniel dahil iyon ang hiningi nitong kabayaran sa pagtulong nito. Pakiramdam niya ay katulad ng sa isang napikot. She was forced to marry him, that was how she felt. Naroon pa rin sa kanyang puso ang ngitngit para sa lalaking ngayon ay asawa na niya.

Naging mabuting asawa si Nathaniel sa kanya. Attentive ito at maasikaso. Iyon ay sa kabila ng katabangang ipinakikita niya rito.

Isang buwan na silang kasal nang magdalang-  
tao siya. Noong unang malaman niya iyon ay nag-  
iiyak siya. Sinigawan niya ang asawa sa harap ng

doktora. She was not prepared to be a wife, lalo pa ang maging isang ina.

“I don’t want this baby! I don’t want your baby!”

Namutla ang mukha nito. Kaagad namang nagpaliwanag ang doktora. “Naku, Mr. Alejo! Napaglilihian ka ng asawa mo. Paghandaan mo na iyan sa mga susunod na araw. May mga babae talagang mainitin ang ulo pag buntis. ” Bumaling ito sa kanya, “You will get over this after some time. You’ll realize you love this baby. It’s a beautiful gift from God.”



Sa kabila ng inakto ni Helene ay excited pa rin si Nathaniel sa pagdating ng baby. Matiyagang pinagpasensyahan siya nito at hindi pinapansin ang mga tantrums niya. Kaagad itong nagpagawa ng nursery sa katabi nilang kuwarto. Kapag umuuwi ito galing trabaho ay kung anu-ano ang dala nito para sa bata. Pink crib, pink teddy bear, pink na kumot. Minsan sa kanyang inis ay sininghalan niya ito.

“Bakit ba puro pink? Hindi ka pa nga sigurado kung babae ito. Eh, kung lalaki, di naging bakla?”

Kaagad naman itong lumapit sa kanya at nang akmang yayakapin siya ay umiwas siya. “Hindi ko rin



alam kung anong kulay ba ang dapat bilhin. I thought you want our first baby to be a girl so I bought pink things. Pero babalik na lang ako sa shop. Bibili ako ng mga gamit na blue naman, para sigurado. Para kung maging lalaki ay may magagamit din siya.”

“Well, wala akong ini-expect! I don’t care if it’s a girl or a boy! You can go back to the shop and return all those things you bought! Sayang lang ang pera mo!”

Hindi siya pinansin ng asawa. Nagpatuloy ito sa pagbili ng gamit para sa baby.

It was a difficult pregnancy for Helene. Lagi siyang nahihilo at nagduduwal araw-araw. Halos ayaw ring tanggapin ng kanyang tiyan ang mga kinakain niya. Complete bed rest ang order sa kanya ng doktora. It made her feel miserable and depressed.

Ayon sa ob-gyne, may mga babae talagang maselan magbuntis lalo na sa mga first-time mommies. Pasasaan ba’t malalagpasan din niya iyon.

Si Nathaniel naman ay hindi alam ang gagawing pang-aalo kay Helene. Sa tuwina ay lagi siya nitong nakikitang umiiyak. She just felt so emotional during those first months of pregnancy. Habang

tumatagal at nararamdaman niyang may buhay nang gumagalaw sa tiyan niya ay nagiging excited na rin siya. Unti-unting nabawasan ang mood swings niya. Hinahaplos niya palagi ang tiyan at siya man ay nananabik na malaman kung ano ang gender ng magiging baby nila. Nananabik siya rito.

“Ano kaya ang magiging hitsura mo, baby? Mamana mo kaya ang mga mata ng daddy mo o ang matangos niyang ilong?”

Funny, but it was Nathaniel’s features she thought of while imagining their future child’s face.

Hindi totoong hindi niya gusto ang bata. Hindi lang niya maipakita sa lalaki that she was having a change of heart. Marahil ay nakahiyaan niya. Natatakot din siyang malaman ng asawa kung gaano na niya ito kamahal.

“I love you, baby,” usal niya habang hinahaplos ang lumalaking tiyan. “I can’t wait to hold you in my arms.”

Ngunit hindi dumating ang araw na iyon. Hindi nabigyan ng pagkakataon si Helene na mahawakan ang sanggol na iluluwal niya sa mundo. She was on her third month of pregnancy when she woke up one morning and felt a sudden surge of pain in her

stomach. Pagtingin niya sa kanyang binti ay nakita niyang may rumaragasang dugo roon.

Kinakabahang sinalat niya ang tiyan. Napaiyak siya sa kaisipang baka napaano na ang baby niya. Dali-dali niyang tinawag ang kasama niyang kasambahay at si Glenn. Mula nang magbuntis siya, sa kanya muna nanatili ang kapatid upang may bantay siya kapag nasa opisina ang asawa.

Mabilis namang nagsikilos ang dalawa. Nakatawag kaagad ang mga ito ng ambulance at mabilis siyang isinugod sa ospital.

Habang nagbibiyahe ay iyak siya nang iyak. Wala ring tigil ang pagdadasal niya na sana ay maging ligtas ang kanyang anak.

Nagkataon pang nasa Cebu si Nathaniel para sa isang importanteng conference. Ayaw nga sana nitong magtungo roon, pero in-assure niya ito na okay lang siya kaya napilitan na ring umalis. Hindi niya akalain na mangyayari ang ganito.

Ang mga magulang naman niya ay nasa Pangasinan at dumalaw sa mga kamag-anakan nilang namatayan. Hindi na sila sumama ni Glenn dahil sa maselan niyang pagbubuntis.

Nanghina siya nang malaman mula sa mga

doktor na wala na ang baby niya. Mahina raw ang kapit ng bata, ayon sa mga ito.

“Ma, ang baby namin...” Kaagad siyang niyakap ng biyenan pagdating nito sa hospital. “Si Nathaniel po?”

“Darating na siya, tinawagan na namin. Don’t worry, he will be here soon.”

Naiiyak siya pagkaisip sa asawa. Tiyak na malulungkot ito. Excited pa naman ito sa paglabas ng baby. Sa naisip ay lalo siyang napahagulhol.

---

Pero nagulat si Helene nang isang galit na galit na Nathaniel ang iniluwa ng pinto ng hospital suite na kinaroroonan niya. Kaaalis lang ng kanyang mga biyenan noon para magpahinga muna sa bahay. Si Glenn naman ay inutusan niyang bumili ng pagkain.

“How can you do this, Helene? Talaga bang galit na galit ka sa akin at pati ang inosente kong anak ay idinamay mo?” Niyugyog nito ang mga balikat niya.

“Nathaniel!” Namukal ang luha sa mga mata niya.

“Alam kong ayaw mo sa bata, Helene! Pero sana hinayaan mo na lang na isilang siya. Ibinigay mo na

lang sana sa akin kung ayaw mo talaga sa kanya! Pinatay mo ang anak ko!”

Nanlaki ang mga mata niya sa akusasyon nito. “Hindi totoo ang sinasabi mo! Aksidente ang nangyari, hindi ko ginustong—”

“Liar!” Nasa mga mata nito ang galit sa kanya at natakot siya nang hawakan siya nito sa leeg. “Nilaglag mo siya dahil ayaw mo sa kanya! Sinabi mo iyan noon!” sigaw nito.

“Hindi!” Puno ng luha ang kanyang mukha. Tigas ang kanyang pag-iling.

“Anak ko siya, Helene! Bakit mo pinatay ang anak ko?”

Tinungo ng lalaki ang bintana. Nasuntok nito iyon. Nabasag ang salamin at napuno ng dugo ang kamao nito.

“Damn you! Hindi kita mapapatawad sa ginawa mo, Helene! Hindi!” malakas na sabi nito.

Hindi siya makapagsalita sa bayolenteng inakto nito. Nahintakutan siya at napahagulhol din. Pumasok ang nurse kasunod ang kararating lang na mga magulang niya.

“Mr. Alejo, shocked pa po ang asawa n’yo

sa nangyari. Masama po para sa kanya ang mag-iyak. Mabuti pa po'y umalis muna kayo para makapagpahinga siya. Bumalik na lang po kayo pag kalmado na kayo.”

Napilitang lumabas si Nathaniel. Kahit ano ang sabihin ng ina na pang-aalo sa kanya ay patuloy siya sa pag-iyak. Hindi lang dahil nawalan siya ng anak kundi sa isiping inakala ng asawa na sinadya niyang mamatay ang bata.

“Hayaan mo muna siya, hija. Hayaan muna nating kumalma siya. Maiintindihan din niyang aksidente ang nangyari. Babalik din iyon mamaya.”

Tumango siya bagaman naroon ang pag-aalala.

Nang bumalik ang asawa sa suite ay kalmado na ito. Pero wala na ang warmth at pagmamahal na dati niyang nakikita sa mukha nito kapag tumitingin sa kanya.

“Pinalalaya na kita, Helene. Magmula sa araw na ito ay malaya ka na sa pagiging asawa ko.”

Parang may bombang sumabog sa harap niya. Hindi siya nakapagsalita.

“Ipapadala ko na lang sa bahay n'yo ang mga gamit mo paglabas mo dito. Doon ka na dumerecho.

*You Never Lost Me - Angie Montalban*

---

Babayaran ko ang lahat ng magagastos mo sa hospital. Magmula sa araw na ito ay ayaw ko nang makita ka pa ulit kahit kailan! Baka kung ano pa ang magawa ko sa 'yo. Isinusumpa ko ang araw na nakilala kita!" mapait na pahayag nito.

Iyon lang at lumabas na ito ng kuwarto. Umagos ang masaganang luha sa magkabilang pisngi ni Helene.

Hindi siya nito pinaniwalaan. Hindi rin naman niya ito masisi. Sinabi niya noon dito na ayaw niyang magkaanak sila. Na hindi niya gusto ang batang dinadala niya.

Hindi na nalaman ni Nathaniel na natutuhan na rin niyang mahal in ito noon pa man bago sila ikasal. At hindi rin totoong ayaw niya sa kanyang pinagbubuntis.

---

Umuwi si Helene sa bahay ng mga magulang mula sa hospital. Hindi na nag-usisa ang mga ito, alam na nila ang nangyari.

Isang taon pagkatapos ng kanyang miscarriage, binawian ng buhay ang kanyang ama. Nang sumunod na taon ay pumanaw ang kanyang ina, na marahil ay dahil sa lungkot sa pagkawala ni Mang Andy.

*You Never Lost Me - Angie Montalban*

---

Pinilit niyang ibalik sa normal ang kanyang buhay sa kabila ng pagkawala ng mga magulang at ng paghihiwalay nila ni Nathaniel. Sa pamamagitan ng pag-ako ng lahat ng responsibilidad sa pagpapaaral kay Glenn, kahit paano ay naibsan ang pagdadalamhati niya. May mga gabi nga lang na hindi siya makatulog.

Naalala niya si Nathaniel. Naalala niya ang pagmamahal at pag-aaruga nito sa kanya. Pag-aarugang hindi man lang niya nagawang suklian. Pagmamahal na hindi niya pinahalagahan.

Ibinenta niya ang bahay nila at mula sa Pasig ay nagpakalayo-layo siya. Umupa sila sa isang maliit na bahay sa Sta. Rosa, Laguna. Nagtrabaho siya bilang pharmacist sa isang maliit at di-kilalang drugstore malapit doon. Inabala niya ang sarili sa pag-aasikaso sa nag-iisang kapatid.

---

Pagkatapos ng limang taon ay heto na naman si Helene. Panibagong trahedyang ang dumating sa kanya. Wala siyang pera para ipampiyansa sa kapatid upang makalaya ito sa kulungan. Umuwi siyang nag-aalala para rito.

Awang-awa siya nang makita si Glenn



kinabukasan sa presinto. Halatang hindi ito nakatulog. Inaatake rin ito ng asthma.

“Takot na takot ako dito kagabi, Ate. Please, gawan mo ng paraan na makalabas na ako ngayon. Ayoko nang matulog uli dito mamayang gabi,” pakiusap nito.

“Glenn, huwag kang mag-alala. Ginagawa ko naman ang lahat. Maghintay ka lang.” Niyakap niya ito at naramdaman ang bahagyang pangingingin ng katawan nito.

“Salamat, Ate. Nagpunta kagabi ang barkada ko dito. Dinalhan nila ako ng pagkain at regalo. Pero ang paglaya ko ang gusto kong maging regalo, Ate.” Bahagyang gumaralgal ang boses nito, tanda ng pag-iyak.

Pinigil niyang mapaiyak. Gusto niyang maging matatag para sa kapatid.